JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malinyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

Zest for Progress
Zeal of Partnership


# 4

# Araling Panlipunan

## Ikatatlong Markahan- Modyul 7: Ang Programa ng Pamahalaan: Pang-impraestruktura



**Pangalan ng Mag-aaral:** ______________________________

**Baitang at Pangkat:** ______________________________

**Pangalan ng Paaralan:** ______________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Katherine S. Suarin |
| **Editor:** | Virlyn B. Polinar |
| | Fernando O. Buendia |
| **Tagasuri:** | Virlyn B. Polinar |
| | Fernando O. Buendia |
| **Tagakuha ng Larawan:** | Katherine S. Suarin |
| **Tagalapat:** | Katherine S. Suarin |
| **Tagapamahala:** | Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI<br>OIC, Schools Division Superintendent |
| | Visminda Q. Valde, EdD<br>OIC, Assistant Schools Division Superintendent |
| | Raymond M. Salvador, EdD, CESE<br>OIC, Assistant Schools Division Superintendent |
| | Juliet A. Magallanes, EdD<br>CID Chief |
| | Florencio R. Caballero, DTE<br>EPS – LRMDS |
| | Alma L. Carbonilla, EdD<br>EPS – Araling Panlipunan |




# Alamin

Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

- Nasusuri ang programa ng pamahalaan tungkol sa pang-impraestruktura.



# Balikan

**Panuto:** Basahin ang mga sitwasyon at piliin ang natatangi mong gawin. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Nakita mong pilit hinahablot ng isa mong kaklase ang bag ng isang mag-aaral habang naglalakad palabras ng silid-aralan.
   A. Panoorin ang dalawa at hintayin kung ano ang mangyayari.
   B. Tatawagin ang guro o guwardiya at sasabihin ang nangyayari.
   C. Hintaying mapikon ang isa at panoorin sila habang nag-aaway.
   D. Sasabihan ang nanghablot ng bag kahit malaki ito sa iyo.

2. Nag-anyaya ang inyong punong barangay sa mga nais lumahok sa seminar sa paggawa ng tosino na maaaring pagkakitaan.
   A. Sasabihin ito sa nakatatandang kapatid na walang pinagkakaabalahan.
   B. Mahal ang karne kaya huwag na lamang pumunta sa seminar.
   C. Hindi ito makabuluhan kaya huwag na lamang pansinin.
   D. Magsasawalang-kibo dahil hindi ito kayang gawin.

3. May banggaan ng limang sunod-sunod na sasakyan sa kalsada.
   A. Alamin muna kung may grabeng nasaktan.
   B. Sisihin at ipagdiinan na kasalanan ito ng naunang sasakyan.
   C. Isa man sa mga nabangga ay tumawag ng *traffic enforcer* o pulis.
   D. Pagtulungang sigawan ang mga nabangga dahil naging sanhi ng pagsikip ng trapiko.

4. Napanood mo sa telebisyon ang tungkol sa pag-aangkin ng China sa kalupaan at karagatang pag-aari ng Pilipinas.
   A. Ipabahala sa China ang dapat gawin ng dalawang bansa.
   B. Panatilihin ang payapang pakikipag-ayos at pakikipag-usap.
   C. Labanan ang China kung anuman ang nais nitong gawin o mangyari.
   D. Bantayan lagi ang mga karagatan at kalupaang inaangkin ng China.

5. May banta ng puwersahang pag-aalis ng pinuno ng lokal na pamahalaan.
   A. Maging handa ang kapulisan sa anumang maaaring mangyari.
   B. Ipagbigay-alam ng lokal na pamahalaan sa pambansang pulisya.
   C. Hayaan ang mga tao sa nais nilang gawin dahil sila ang maaapektuhan nito.
   D. Magbigay ng babala ang lokal na pamahalaan sa napag-alamang maaaring mangyari.

6. Alam mong walang prangkisa ang motor na pinagmamaneho ng iyong Tatay. Ano ang gagawin mo?
   A. Isuplong sa mga awtoridad ang ginagawa ni Tatay.
   B. Imungkahi kay Tatay ang importansya ng pagkakaroon ng prangkisa.
   C. Pabayaan si Tatay sa kanyang ginagawa.
   D. Imungkahi kay Tatay na itigil ang pagmamaneho.

7. Mahilig ang iyong kaibigan na bumili ng mga *imported* na gamit.
   A. Hikayatin ang kaibigan na tangkilikin ang produkto ng mga lokal na manggagawa.
   B. Gayahin ang kaibigan sa kanyang ginagawa.
   C. Bayaan ang kaibigan sa ginagawa tutal kanyang pera naman ang ginagastos.
   D. Himukin ang kaibigan na ipagpatuloy ang iyang ginagawa dahil mas pulido ang gamit na *imported*.

8. Maraming mangingisda sa inyong komunidad ang gumagamit ng dinamita upang makakuha ng mga isda.
   A. Isumbong sa lokal na pamahalaan ang ginagawa ng mga mangingisda.
   B. Pabayaan sila dahil ito ang ikinabubuhay nila.
   C. Gumaya sa kanilang estilo sa pangingisda.
   D. Mag-*post* sa social media ang gawain ng mga mangingisda.

9. May ginaganap na pagtitipon ng mga magsasaka sa inyong barangay ukol sa paggamit ng mga *organic fertilizer*. Ang iyong Tatay na isa ring magsasaka ay hindi sumali.

A. Ipagwalang-bahala ang kaalaman tungkol sa pagtitipon.
B. Himukin si Tatay na sumali sa pagtitipon.
C. Pabayaan si Tatay sa kanyang gusting gawin.
D. Isumbong si Tatay sa mga opisyales ng barangay.

10. May nagaganap na *strike* ng mga manggagawa sa isang pabrika sa inyong bayan. Ano ang iyong gagawin?
A. Sumali sa nagaganap na *strike*.
B. Magtanong ukol sa nagaganap na *strike*.
C. Bayaan ang mga manggagawa na nag-*strike*.
D. Manood sa gilid ng kalsada sa nagaganap na *strike*.
E.

| Aralin 4 | Ang Programa ng Pamahalaan: - Pang-Impraestruktura |
|---|---|



# Tuklasin















Pansinin ang mga larawan. Anu-ano ang nakikita mong pangangailangan ng mga tao? Matutugunan kaya ang lahat ng kanilang pangangailangan kung aasa lamang sila sa kanilang sarili? Makakaya kaya ng bawat pamilya na magtayo ng sariling sistema ng patubig, palengke, sariling ospital, gamit pangkomunikasyon, o di kaya paaralan?

Kung titingin ka sa iyong paligid, napakarami nang panibagong pang-impraestruktura na nagaganap sa bansa. Sa

likod ng mga pagbabago o modernasyong ito ay ang mga bunga ng iba't ibang paglilingkod ng pamahalaan.



# Suriin

Upang mapabilis ang kaunlaran ng ekonomiya at makalikha ng maraming trabaho, lalo na sa mga lalawigan, nagbibigay ang pamahalaan ng kaukulang pondo para sa mga proyektong pang-impraestruktura, na kinabibilangan ng *national roads* at mga tulay; mga paliparan, daungan, at mga parola; mga silid-aralan at iba pang pasilidad na pang-edukasyon; Sistema ng malinis na tustos ng tubig, irigasyon, at *port-harvest facilities*; at mga estruktura para sa pagpigil sab aha (*flood control*) at proteksiyon ng mga burol.

Ang *Department of Public Works and Highways* (*DPWH*) ang nakakuha ng bulto ng badyet para sa impraestruktura, na sinundan ng *Department of Agriculture* (*DA*) at ng *Department of Agrarian Reform* (*DAR*) para sa pagtatayo ng *farm-to-market roads*, *pos-harvest facilities*, at mga pasilidad sa patubig. Ang *Department of Education* (*DepEd*) ay nagtatayo at nagkumpuni ng mga silid-aralan, pati na ang mga pasilidad para sa tubig at sanitasyon sa mga pampublikong paaralan.

Pinahusay naman ng *Department of Transportation and Communication* (*DoTC*) ang mga paliparan, daungan at iba pang sistema ng transportasyon. Pinangangasiwaan naman ng *National Telecommunications Commission* (*NTC*) ang paggamit ng mga makabagong teknolohiya na nakapagpapabilis sa komunikasyon ng mga tao. Nakatutulong sa mabilis na pag-uugnayan ng mga tao ang telepono, *cellular* at *mobile phone*, *computer*, *internet*, at *fax machine*.

Sa mga proyektong pang-impraestruktura ng pamahalaan na ipinatupad at ipapatupad pa, inaasahan na pasisiglahin nito ang mga gawain sa maraming lungsod at lalawigan. Ang mga trabahong lilikhain ay makatutulong sa pagpapaangat ng kalidad ng pamumuhay ng mga Pilipino.



# Pagyamanin

**Gawain. Panuto:** Punan ang bawat kolum ayon sa hinihinging detalye. Sundin ang binigay na halimbawa.

| **Ahensiya ng Pamahalaan** | **Proyekto** | **Paglilingkod** |
|---|---|---|
| 1. Department of Transportation and Communication (DoTC) | Paliparan, daungan | Mabilis na paglalakbay ng tao at paghahatid ng mga kalakal |
| 2. National Telecommunications Commission (NTC) | | |
| 3. Department of Public Works and Highways (DPWH) | | |
| 4. Department of Agriculture (DA) | | |
| 5. Department of Agrarian Reform (DAR) | | |



# Isaisip

**Panuto:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Gamiting gabay ang rubriks sa pagsagot upang makuha mo ang mataas na puntos.

**RUBRIK SA PAGSAGOT**

| Pamantayan | Deskripsyon |
|---|---|
| **Napakahusay (3)** | Tumpak at napakalinaw ng sagot sa tanong na ibinigay. |
| **Katamtaman (2)** | May kalinawan ang sagot, ngunit may ilang punto na nalilihis sa tanong na ibinigay. |
| **Di-gaanong Maayos (1)** | Lumihis ang kasagutan sa tanong na ibinigay. |

1. Ano ang kahulugan ng impraestruktura? Ipaliwanag

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

2. Ano-anong ahensiya ng pamahalaan ang nagpapatupad ng mga programang pang-impraestruktura?

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

3. Mahalaga baa ng mga programang pang-impraestruktura ng pamahalaan? Bakit?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

4. Ano ang kaugnayan ng impraestruktura sa pag-unlad ng bansa?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________

5. Sa pagdami ng impraestruktura, marami ring trabaho ang naghihintay para sa mga mamamayan. Ano ang ipinapahiwatig nito?

_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________
_______________________________________________



# Tayahin

**Panuto:** Bilugan ang tamang sagot sa mga katanungan.

1. Ito ang ahensiyang napag-atasan na husayan ang mga paliparan, daungan at iba pang sistema ng trasportasyon.
   A. DA
   B. DoTC
   C. DPWH
   D. NTC

2. Isa sa mga tungkulin ng *Department of Education* ay ang
   A. Magkumpuni ng mga silid-aralan.
   B. Husayan ang daungan.
   C. Magpapatupad ng mga ordinansya.
   D. Magpanatili sa kapayapaan.

3. Nakatutulong ang ahensiyang ito upang mapabilis ang pag-uugnayan ng mga tao sa pamamagitan ng telepono.
   A. DepEd
   B. DAR
   C. DoTC
   D. NTC

4. Ang *Department of Public Works and Highways* ay naatasang gumawa ng mga
   A. Bahay
   B. Ospital
   C. Kalsada
   D. Paliparan

5. Ito ang pangalawang ahensiya na nakatanggap ng bulto ng badyet galing sa pamahalaan.
   A. DPWH
   B. DAR
   C. DA
   D. DepEd

6. Sa proyektong pang-impraestruktura, inaasahan na
   A. Sisigla ang gawain sa mga lungsod at lalawigan.
   B. Tatamlay ang gawain sa mga lungsod at lalawigan.
   C. Tatamarin ang mga mamamayan.
   D. Maaaliw ang mga mamamayan.

7. Sa pagkakaroon ng mga trabaho, ang buhay ng mga mamamayan ay
   A. Masisira
   B. Uunlad
   C. Malulungkot
   D. Matamlay

8. Ito ang ahensiya na inaatasang gumawa ng mga programa ukol sa pagsasaka at sisinupin sa sariling lupain.

A. DPWH
B. DepEd
C. DA
D. DAR

9. Ito ang ahensiya na inaatasang magbigay ng mga pagtuturo sa mga magsasaka sa paggamit ng mga *organic fertilizer* at mga *pesticide* na walang halong kemikal.

A. DPWH
B. DepEd
C. DA
D. DAR

10. Tungkulin ng pamahalaan ang mapabilis na pag-unlad ng ekonomiya at makalikha ng maraming trabaho, lalo na sa mga lalawigan. Ito ay tinatawag na

A. Programang Pang-Impraestruktura
B. Programang Pangkapayapaan
C. Programang Pangkalusugan
D. Programang Pang-Edukasyon



# Karagdagang Gawain

**Gawain 1. Panuto:** Gumawa ng isang *slogan* tungkol sa mga programang pang-impraestruktura ng pamahalaan.

**RUBRIK SA PAGGAWA NG SLOGAN**

| Pamantayan | Deskripsyon |
|---|---|
| **Napakahusay (10)** | Akma sa tema, *artistic*, at napakalinis ng pagkaguhit at pagkulay. |
| **Katamtaman (7)** | Akma sa tema, ngunit hindi masyadong *artistic*, at hindi gaanong malinis ng pagkaguhit at pagkulay. |
| **Di-gaanong Maayos (5)** | Lumihis sa tema ang pagkaguhit. |

**Gawain 2. Panuto:** Ibigay ang detalyeng hinihingi sa bawat kolum.

| Programang Pang-Impraestruktura | Tungkuling Ginagampanan |
|---|---|
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |
| 4. | |
| 5. | |

# Susi sa Pagwawasto

| TAYAHIN | PAGYAMANIN | BALIKAN |
|---|---|---|
| 1. B<br>2. A<br>3. D<br>4. C<br>5. C<br>6. A<br>7. B<br>8. D<br>9. C<br>10. A | 2. NTC – komunikasyon – mapabilis ang ugnayan ng mga tao<br><br>3. DPWH – kalsada at tulay – mapabilis ang ugnayan ng mga lungsod at lalawigan<br><br>4. DA – pagsasaka – mapaunlad ang pagsasaka<br><br>5. DAR – pag-angkin ng mga lupain – mapabilis ang pag-angkin ng mga lupain | 1. B<br>2. A<br>3. A<br>4. B<br>5. B<br>6. B<br>7. A<br>8. A<br>9. B<br>10. B |

# *Sanggunian*

**BOOK:**

Araling Panlipunan 4 Kagamitan ng Mag-aaral pahina 298 – 303 Ma. Corazon V. Adriano, et. al. 2015

**WEBSITES:**

https://bit.ly/3pZ2j6Y

https://bit.ly/2XhAmen

https://bit.ly/3hOYK0a

http://bit.ly/3hOUjCF

http://bit.ly/39dsVtU

http://bit.ly/2JRxFwO

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.